
# Ang Daigdig ng mga Espiritu

Basahin ang Alma 40:6–7, 11–14 para malaman ang itinuro ni Alma kay Corianton. Pagkatapos ay gamitin ang sumusunod na resources para matulungan kang ihanda pa ang ituturo mo.

Doktrina at mga Tipan 138:11–13, 18–22, 57

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Paraiso," scriptures.ChurchofJesusChrist.org

Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan:



> Alam natin mula sa mga banal na kasulatan na pagkatapos mamatay ang ating mga katawan ay patuloy tayong mabubuhay bilang mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu. Itinuturo din ng mga banal na kasulatan na ang daigdig ng mga espiritu ay nahahati sa pagitan ng mga yaong naging "mabuti" o "matwid" noong nabubuhay sila at ng mga naging masama. Inilalarawan din ng mga ito ang ilang matatapat na espiritu na itinuturo ang ebanghelyo sa masasama o rebelde (tingnan sa I Ni Pedro 3:19; Doktrina at mga Tipan 138:19–20, 29, 32, 37). (Dallin H. Oaks, "Magtiwala sa Panginoon," *Liahona*, Nob. 2019, 26)

Ihanda kung paano mo ipapaliwanag ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang nangyayari sa ating mga espiritu kapag namatay tayo?
- Ano ang kalagayan sa paraiso? Ano ang kalagayan sa lugar na tinatawag ni Alma na "labas na kadiliman," ngunit tinatawag ding bilangguan ng mga espiritu (1 Pedro 3:19) o impiyerno (2 Nephi 9:12)?
- Paano madaragdagan ng pag-aaral tungkol sa paraiso at bilangguan ang ating pasasalamat sa Tagapagligtas?
- Paano tayo mapagpapala ng ating kaalaman tungkol sa daigdig ng mga espiritu sa ating mortal na buhay?

Kapag nagtuturo, tiyaking linawin na sa pagitan ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, ang mga espiritu ng mabubuti ay mananahan sa paraiso at ang mga espiritu ng masasama ay mananahan sa bilangguan ng mga espiritu. Ibahagi kung paano nakakaimpluwensiya sa mga pagpiling ginagawa mo sa buhay na ito ang pagkaunawa mo sa katotohanang ito.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_321-teacher_handout-1